Seattle
Office of Sustainability
& Environment

**Mag-aplay sa Environmental Justice Fund ng Seattle**

Nagagalak ang Office of Sustainability & Environment (OSE) ng Seattle sa pag-anunsiyong ang Environmental Justice Fund ay **tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon.** Sa taong ito, mayroong dalawang opsyon ng pagpopondo. Ang unang opsyon ay naghahandog ng mga pabigay mula $10,000 hanggang $40,000, na may pangkalahatang pagpopondong $250,000. Ang pangalawang opsyon ay naghahandog ng mga pabigay mula $40,001 hanggang $90,000, na may pangkalahatang pagpopondong $750,000. Ang mga pondong ito ay upang suportahan ang mga proyektong nagbibigay ng benepisyo sa mga komunidad na pinaka-apektado ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran at klima, kasama ang mga Itim, Katutubo, mga Taong May Kulay, mga Imigrante, mga refugee, mga indibidwal na mababa ang kita, kabataan, at mga matatanda. Ang **huling araw ng pag-aplay ay alas-5 ng hapon (PT) ng Miyerkules, Hulyo 26.**

Ang pagkakataong ito sa pagpopondo ay bukas sa mga Tribu at mga organisasyong pantribo, mga nonprofit na organisasyon at mga grupo ng komunidad na nakikipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad upang isulong ang hustisya sa kapaligiran at klima. Kabilang sa mga kwalipikadong tipo ng proyekto nguni't hindi limitado ang mga sining at pagkukuwento, edukasyon sa komunidad, pagtatatag ng kapasidad ng organisasyon at komunidad, paghahanda sa pagbabago ng klima, pagtatatag ng galing at pagsasanay kaugnay ng mga trabahong pangkapaligiran*, at pagpaplano at pangitain ng komunidad.

Kung interesado kayong matuto nang higit pa tungkol sa Pondong ito, makipag-usap tungkol sa isang ideya ng proyekto, o magsumite ng panukala, maaari ninyong gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Mag-sign up **dito** para sa isang 20-minutong tawag sa isang miyembro ng aming koponan
    - *Mangyaring gamitin ang form upang humiling ng pagsasalin.*

- Sumapi sa birtwal ng pagpupulong para sa impormasyon:
    - Miyerkules, Ika-21 ng Hunyo, 12-1:30 ng hapon -- magrehistro dito
    - *Mangyaring mag-email sa amin sa equityenviro@seattle.gov upang humiling ng pagsasalin nang maaga.*

- Sumapi sa isang personal na pagtitipon para sa impormasyon:
    - Martes, ika-27 ng Hunyo, 6-7:30 ng gabi -- magrehistro dito
    - **Lokasyon:** Columbia City Public Library, sa Columbia Meeting Room
        - 4721 Rainier Ave S, Seattle, WA 98118
    - *Mangyaring mag-email sa amin sa equityenviro@seattle.gov upang humiling ng pagsasalin nang maaga.*

Maaari rin naming sagutin ang inyong mga katanungan sa pamamagitan ng email sa *equityenviro@seattle.gov.* Bisitahin ang **seattle. gov/environment/ejfund** upang matuto nang higit pa at makapag-aplay.

*para sa layunin ng EJ Fund, ang mga trabahong pangkapaligiran ay kinikilalang mga trabahong ang layunin ay tugunan o bawasan ang mga epekto ng pagbabago ng klima